

USAPANG HIV AT SEX: PAGLALARAWAN AT PAGSUSURI SA PANANAW AT GAWI NG MGA MAG-AARAL SA KOLEHIYO

Michael Eduard L. Labayandoy
Assistant Professor
College of Arts and Sciences

ABSTRACT

Noong 2008 ay isa lamang kada araw ang naitalang bagong kaso ng HIV (DOH). Nakababahala ang patuloy nitong pagtaas. Pumalo na sa 22 ang bagong kaso ng HIV kada araw para sa taong 2015. Ang pananaliksik na ito ay tugon sa lumalalang kalagayan ng HIV sa bansa. Sa partikular, layunin na mailarawan at masuri ang pananaw at gawi ng mga mag-aaral sa kolehiyo matapos silang makatanggap ng pormal na aralin sa paksang sex, HIV, at iba pang uri ng STIs. Pagkatapos makalap ang datos gamit ang questionnaire, isinagawa ang tekstwal na pagsusuri ng mga sagot mula sa kabuuang 41 na mga kalahok. Natagpuan na komportable ang mga mag-aaral sa kolehiyo sa mga usapin. Napaigting pa ang kanilang pagiging bukas matapos ang talakayan ng mga ito sa klase. Kinikilala ng mga kalahok na mahalaga ang pag-aaral ng mga nabanggit na paksa dahil naniniwala sila na ang mga kabataan, lalo pa ang mga nasa kolehiyo, ay mapupusok. Sinuri ang mga epekto ng pag-aaral ng sex, HIV, at iba pang uri ng STIs ayon sa pananaw at desisyon ng mga kalahok. Dominanteng tema ang pag-iingat, sa pamamagitan ng paggamit ng condom, upang mapigilan ang pagkakaroon ng HIV. Sumunod dito ang pagpapaliban ng pakikipagtalik, habang pangatlo ang pagiging tapat sa karelasyon.

Keywords: HIV, AIDS, STIs, College students,

PANIMULA AT KONTEKSTO NG PANANALIKSIK

Ang lumalala at nakababahalang estado ng HIV sa bansa

Ayon sa Department of Health (HIV/AIDS and ART Registry of the Philippines, 2015, p.1), ang kabuuang bilang na naitalang kaso ng HIV mula January 1984 hanggang September 2015 ay umabot na sa 28, 428. Karamihan sa PLHIV (people living with HIV) ay mga lalaki (MSM o men having sex with men). Ang median na gulang ay 28.

Ang tala ng kaso ng HIV sa bansa ay pataas ng pataas. Ayon pa rin sa Department of Health, noong 2008 ay isa (1) kada araw lamang ang naitalang kaso ng HIV. Subalit tuloy-tuloy itong tumataas. Noong 2015 nga ay pumalo ito sa 22 na bagong kaso ng HIV kada araw. Walang rehiyon sa Pilipinas ang walang kaso ng HIV. Ang 39% na kabuuang kaso ng HIV sa bansa ay nasa National Capital Region (NCR). Sinundan naman ito ng

Region IV-A na may 18% (HIV/AIDS and ART Registry of the Philippines, 2015, p.1).

Habang ang tala ng kaso ng HIV sa mga bansa sa daigdig ay patuloy na bumababa, ang Pilipinas, kasama ang anim pang bansa (Bangladesh, Armenia, Georgia, Kazhakstan, Kyrgyztan, Tajikistan), ay patuloy na nagtatala ng tumataas na kaso ng HIV kada araw/taon (Crisostomo, 2011).

Nagbabala ang DOH na maaaring umabot sa uncontrollable levels sa loob ng ilang taon ang kaso ng HIV sa anim na siyudad sa bansa dahil sa antas ng pagdami ng kaso (Geronimo, 2015). Ang mga siyudad na ito ay Quezon City (6.6%), Manila (6.7%), Calocan (5.3%), Cebu (7.7%), Davao (5%), at Cagayan de Oro (4.7%). Mayroon ding mga high risk areas katulad ng Antipolo, Cainta, Star Rosa, Laguna, at iba pa (Geronimo, 2015).

Ang pag-aaral ng HIV/AIDS sa eskwelahan/kolehiyo

Maliwanag na lumalala at nakababahala ang estado ng HIV sa bansa ayon sa mga datos na nailahad. Ang konteksto, sa makatuwid, ng pag-aaral na ito ay ang pagkilala na kailangang tugunan ang pagsugpo sa HIV sa bansa, partikular na sa konteksto ng edukasyon.

Noon pa mang unang bahagi ng taong 2000, isa na ang Pilipinas (kasama ang Mongolia, Indonesia, Papua New Guinea at Thailand) sa mga piling bansa sa Asya na may komprehensibong patakaran tungkol sa pagtuturo sa eskwelahan ng HIV/AIDS (Smith et al., 2003, p.7). Kritikal ang naging gampanin ng Republic Act 8504 (The Philippine AIDS Prevention and Control Act of 1998) upang pormal na maisakatuparan ang pagsugpo sa HIV sa bansa. Isa sa mahahalagang probisyon sa batas na ito ang pagtuturo ng mga sanhi, paraan ng transmission, at paraan upang maiwasan ang HIV/AIDS at iba pang sexually transmitted diseases [infections]. Inuutusan ng batas na i-integrate ang pag-aaral ng mga nabanggit sa mga subjects sa elementarya, sekondarya, at kolehiyo kapwa sa pribado at pampublikong mga paaralan (tingnan ang Article 1, Section 4 para sa detalye).

Layunin at halaga ng pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay paglalarawan at pagsusuri sa pananaw ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa isang pribadong paaralan sa Region IV-A. Pangunahing layunin na mailarawan at masuri ang epekto sa gawi at pananaw matapos makatanggap ang mga kalahok ng pormal na aralin ukol sa sex, HIV, at iba pang uri ng STIs. Inalam ang kanilang pagiging komportable/bukas sa mga usapin. Inalam rin ang pagpapakahulugan ng mga kalahok sa halaga ng pag-aaral ng mga nabanggit na paksa.

Pansinin sa natalakay na datos na ang Region IV-A ang pangalawa sa may pinakamataas na tala ng HIV sa bansa (sunod sa NCR). Ayon sa 2013 Young Adult and Fertility Survey o YAFS 4, partikular sa Region IV-A, higit sa isa kada tatlong kabataan (edad 15-24) ang may karanasan na sa sex (Ogena at Marquez, 2014).

Sila ay nakikipagtalik sa murang edad (ang mean age sa lalaki ay 17.6 at 18.1 naman sa mga babae). Para pa rin sa Region IV-A, ayon sa presentasyon nila Ogena at Marquez (2014, p. 3): “Seven in 10 first premarital sexual encounters are unprotected against unintended pregnancy and/or STIs.

Kumpara sa ibang rehiyon sa Pilipinas, lubhang apektado ang Region IV-A sa dami ng kaso ng HIV. Makikita rin sa YAFS 4 study na prominente ang risky sexual practices ng mga kabataan. Mahalaga, sa makatuwid, ayon sa konteksto ng rehiyon, na magsagawa ng pag-aaral na may kinalaman sa HIV, lalo pa sa konteksto ng pagtuturo nito sa kolehiyo kung saan may mga mag-aaral na kadalasang edad 16-20. Ang pag-aaral na ito ay tinitingnan ko bilang isang ambag sa literatura na may kinalaman sa paglilinaw sa pananaw at gawi ng mga piling kalahok mula sa rehiyong nabanggit. Isang mahalagang ambag rin ng pag-aaral ang magbigay ng insights para sa kapakinabangan ng mga nagtuturo ng HIV sa kolehiyo.

METODOLOHIYA

Disenyo ng pag-aaral at mga kalahok

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral sa kolehiyo na nakatanggap na ng pormal na pag-aaral ukol sa HIV/AIDS. Kadalasang integrated sa isang kurso (subject) bilang isang sub-topic ang HIV/AIDS. Sa kabuuan ay 41 ang lumahok sa pag-aaral (edad 17 hanggang 21). Naganap ang pangangalap ng datos mula Mayo 11 hanggang 18.

Ako at tatlong iba pang guro ang nag-administer ng questionnaires. Kami rin ang nagpaliwanang ng layunin, orientasyon, at iba pang mahahalagang aspekto ng pananaliksik. Pagkatapos ng briefing, kasama na ang inisyal na pagpapakita ng questionnaire, tinanong ang mga kalahok kung nais pa nilang magpatuloy. Dalawa ang nagbalik ng blankong questionnaires. Hindi tinanong ang dahilan kung bakit hindi nais magpatuloy ng mga nasabing kalahok.

Nais ko sanang magsagawa ng in-depth interview upang mas malalim na alamin ang pananaw ng mga kalahok sa mga usapin. Subalit sensitibo ang paksa kaya upang mas maging less intrusive ay minarapat kong gumamit na lamang ng questionnaire. Gumawa ako ng open-ended questions ayon sa mga layunin ng pananaliksik. Tiniyak kong open-ended ang mga tanong upang makakakalap ako ng samu't sari at malalim na pananaw/sagot mula sa mga kalahok.

Isinagawa ko ang textual analysis (Carley, 1993; Frey et al., 1999; Gamson, 2000) upang mailarawan (sa pamamagitan ng percentages at frequency count) ang mga dominanteng tema. Nagbalangkas ako ng template o batayan upang mapalutang ang pangunahing mga tema ayon sa narratives ng mga kalahok. Gumamit ako ng excel sa hakbang na ito. Binasa ko ng hindi bababa sa walong (8) beses ang sagot ng mga kalahok. Mula sa pagbabasa at gabay ang mga layunin ng pag-aaral ay nagsagawa ako ng coding (Saldaña, 2009). Sa proseso ng coding nabuo ang mga matitingkad na tema mula sa samu't saring sagot mg mga kalahok. Ang mga temang ito ay detalyadong ilalahad sa susunod na bahagi ng sulating ito.

Usapin ng etika at mga pasubali o caveats

Sadyang hindi inilalahad ang partikular na eskwelahan, college program, at iba pang kakilanlan ng mga kalahok. Pangunahing konsiderasyon ng pag-aaral na ito ang anonymity ng mga kalahok (Fisher, 2014). Ang questionnaire ay hindi humihingi ng pangalan at iba pang sensitibong impormasyon. Lahat ng mga ito ay upang matiyak na hindi malalantad ang kakilanlan ng mga kalahok. Hindi mag-aaral ng mga gurong nag-administer ng questionnaires ang mga kalahok sa pag-aaral na ito.

Mahalagang pasubali na hindi kuwantitatibong sinusukat ng pag-aaral na ito ang lebel ng awareness sa HIV/AIDS ng mga kalahok. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay mailarawan at masuri ang gawi at pananaw ng mga kalahok matapos pormal na ma-expose sa klase sa talakayan ukol sa sex, HIV, at iba pang uri ng STIs. Hindi rin generalizable ang pag-aaral. Kinikilala ko na ang ano mang argumento ng papel na ito ay batay lamang sa limitadong bilang ng mga kalahok at partikular na pook.

Ang mga sagot na nakalap ay hindi binago (verbatim) sa kabuuan ng papel.

PAGLALARAWAN NG RESULTA AT TALAKAYAN

Epekto ng kaalaman sa HIV at iba pang uri ng STIs sa pananaw o desisyon sa pakikipagtalik

Anim na matitingkad na tema ang lumabas noong tanungin ang mga kalahok kung paano naapektuhan ng kaalaman nila sa HIV at iba pang uri ng STIs ang mga pananaw o desisyon sa kasalukuyan tungkol sa pakikipagtalik o sex: 1) pag-iingat; 2) pagpapaliban ng pakikipagtalik; 3) bilang ng katalik; 4) kalidad ng ka/relasyon; 5) pag-unawa at pakikitungo sa iba; at 6) HIV screening.

Pag-iingat

Naniniwala ang 29.27% na mga kalahok na kailangang isagawa ang safer sex o paggamit ng condom.

"Importante talaga ang safe sex sa panahon ngayon. So hindi naman dapat hobby ito. Dapat pinagpaplanuhan at pinagpahandaan." –K11

Sa konteksto, halimbawa, ni Kalahok 24, ang konsepto niya ng pag-iingat ng sarili ay paglimita sa mga sexual practices tulad ng hindi pakikipagtalik gamit ang anus. Bilang bahagi pa rin ng pag-iingat, ang 14.63% naman ay naniniwalang dapat tanungin ang kanilang partner kung ligtas sila sa HIV.

Talahanayan 1: Pag-iingat

Tema	%
Safer sex / gumamit ng condom	29.27
Mag-ingat / proteksyunan ang sarili	19.51
Magtanong kung ang partner ay may STIs o HIV	14.63
Kabuuan	63.41

*Higit isang sagot bawat kalahok (n=41)

Hamon ang unsafe sex practices ng mga kabataan sa bansa. Itinuturing ang condom bilang isa sa mga mekanismo upang mapigilan ang HIV (Winer et al, 2006; Liu et al., 2014; McKay, 2007; Mvundura et al., 2015). Subalit mababa ang paggamit nito sa Pilipinas dahil, bukod sa marami pang ibang dahilan, sa nililimitahan ang pagtingin dito bilang contraception at hindi bilang proteksyon sa HIV (Lucea et al., 2013, p.242).

Sa pananaliksik na ito, lumalabas na ang condom ay isa lamang sa mga pamamaraan sa pag-iingat. Malawak o hindi limitado sa konteksto ng condom, sa makatuwid, ang pagpapakahulugan sa pag-iingat. Ang konsepto ng pag-iingat ay tumutukoy rin sa sexual practices (e.g huwag makipagtalik gamit ang anus) at pagtatanong sa partner kung siya ba ay may HIV. Ang pagtatanong na ito ay maaaring ituring na indikasyon o hudyat sa pagbabago ng diskurso patungo sa bukas na pag-uusap tungkol sex at HIV.

Pagpapaliban ng pakikipagtalik

Ayon sa mga nakalipas na Young Adult Fertility Surveys (DRDF at UPPI, 2014), pataas ng pataas ang bahagdan ng mga kabataang nakikipagtalik bago ang edad 18 (mula 13% noong 1994 paakyat sa 23% noong 2013 para sa lalaki at babae). Samantala 32% naman ng mga Pilipinong kabataan (edad 15-24) ang nakikipagtalik na bago ang kasal (DRDF at UPPI, 2014).

Para sa maraming kalahok, mahalaga ang pag-iwas sa pre-marital sex (ayon sa 41.40%) at dapat makipagtalik lamang sa tamang edad (ayon sa 7.32%). Paliwanag ng isang kalahok, ang tamang edad ay kapag matanda na at kung handa na. Ang ibig sabihin naman ng pag-iwas sa pre-marital sex, ayon sa ilan, ay ang pagpapanatili ng virginity at pagpapaliban ng sex (delaying sex). Itinuturing ni Kalahok 10 na sagrado ang sex: "sa sex naman, hindi pa rin nagbabago ang paningin ko. Para sa akin, sagrado pa rin ito." Karamihan sa sumasangayon na huwag gawin ang pre-marital sex ay naniniwalang maaari lamang gawin ang pakikipagtalik pagkatapos ng kasal:

"Ang sex ay isang aktibidad para sa dalawang taong nagmamahalan partikular na sa mag-asawa." -K18

"Mas tumibay ang pananaw ko na "no sex before marriage."" -K26

Lumalabas na ang malalim na pakahulugan sa pagpapaliban sa pakikipagtalik ay ang paniniwalang mahalaga ang virginity ng isang tao. Itinuturing ng maraming kalahok ang sex bilang sagrado na nararapat lamang isagawa matapos ang kasal. Ano man ang dahilan, maliwanag na halos kalahati sa kabuuan ng mga kalahok ang may matibay na paniniwala sa pagpapaliban ng pakikipagtalik.

Bilang ng katalik

Ang pagkakaroon ng higit sa isang sexual partner ay may kaakibat na risks (Kenyon et al., 2015; Reniers at Tfaily, 2012). Pero hindi sapat o hindi laging epektibo ang monogamy o pagkakaroon ng iisang katalik lamang upang hindi magkaroon ng HIV (Conley et al., 2015).

Ayon sa 26.83% na mga kalahok, dapat ay isa lamang ang katalik (maging monogamous) o huwag makipagtalik kung kani-kanino. Narito ang ilang verbatim na sagot:

"Dapat lamang na sa isang tao ka lang makipagtalik." -K32

"Hindi dapat nakikipagsex kung kani-kanino para maiwasan." -K40

Kalidad ng ka/relasyon

Para sa kabuuang 24.4% na mga kalahok, isang epekto ng pagkakaroon ng kaalaman sa HIV at iba pang uri ng STIs ang pagpili ng karelasyon o paghahangad ng isang uri ng kalidad ng relasyon (tingnan ang Talahanayan 2 sa ibaba).

Kailangan umanong pumili ng matinong lalaki o partner. Kailangan muna silang kilalanin ng mainam. Ayon sa ilan, dapat lumagay sa isang seryosong relasyon at dapat maging tapat. Ayon nga kay Kalahok 34: "Dapat kasi honest sa karelasyon at pumili ng lalaking disente at matino, yung hindi manloloko."

Talahanayan 2: Kalidad ng ka/relasyon

Tema	%
Pumili ng matinong lalaki o partner	12.2
Lumagay sa seryosong relasyon	7.32
Maging tapat sa karelasyon	4.88
Kabuuan	24.4

*Higit isang sagot bawat kalahok (n=41)

Sa pag-aaral ng Family Health International at USAID sa Pilipinas, “natagpuan na 69% ng mga batang lalaking aktibo sa sex (edad 15-24) ay hindi kailan man gumamit ng condom” (Ramos-Jimenez at Lee, 2007 mula kina Lucea et al., 2013, p.229). Ang tema sa puntong ito ay kakikitaan ng diin patungkol sa pagkalalaki o pagiging lalaki. Ang nagsasalita ay babae at karaniwang inilalarawan ang mga kalalalahanan bilang hindi tapat o hindi matino. Maliwanag sa puntong ito ang gender lines pagdating sa inaasahang social roles na maiuugnay sa risks sa HIV. Paliwanag ng isang babaeng kalahok, “mapupusok at padalos-dalos” ang mga kalalalahanan kaya nararapat lamang na pumili ng mabuti.

HIV screening

Ang kabuuang 9.74% ng mga kalahok ay bukas na sumailalaim sa HIV screening. Hindi dapat mahiyang sumailalim sa checkup, ayon kay Kalahok 1. Kung nangangamba ay kailangang magpatingin. Dagdag pa niya: "mas maging maingat at kung ikaw ay nangangamba na infected ng virus ay huwag mahiya mag pa check." Narito ang narratives ng iba pa:

“Naisip ko rin na napaka-importante pala talaga ng pagpapa-check up upang malaman ng isang tao kung mayroon ba siyang STIs o HIV/AIDS dahil mahirap makita ang sintomas ng mga ito.” –K29

"Mas naging aware na ako ngayon at balak ko din magpa HIV Test pati na rin ang aking kasintahan para masiguradong ligtas kami." - K22

Para kay Kalahok 29, dahil mahirap makita ang sintomas ng STIs o HIV/AIDS, importante ang pagpapa-checkup. Ganito rin ang tingin ni Kalahok 22. Mas naging aware siya ngayon. Dahil sa kaniyang exposure o kaalaman sa HIV, nakumbinsi siyang sumailalim sa HIV screening. Nais niyang isama ang kaniyang kasintahan upang matiyak na sila ay malaya sa HIV. Para kay Kalahok 22, mahalagang malaman niya ang HIV status ng kaniyang manliligaw. Naniniwala siya at iba pa niyang kaibigan na kailangang magpa-test muna ang kanilang manliligaw upang makatiyak na ligtas:

"Lahat kami ay nagsasabi na bago sagutin ang manliligaw ay kailangan magpa-test muna para ligtas."

Pag-unawa at pakikitungo sa iba

Ayon kay de Castro (2015), ang stigma at diskriminasyon na may kinalaman sa HIV ay bunga ng konserbatibong kulturang Pilipino na impluwensiyado ng Simbahang Katoliko. Ang stigma at diskriminasyon ang ilan sa mga hadlang upang makapag-disclose at makakuha ng serbisyong medikal lalo pa sa bahagi ng mahihirap na kababaihan.

Positibo ang bunga ng pagtatalakay ng paksang sex, HIV, at iba pang uri ng STIs sa mga kalahok. May ilang nagsasabing naunawaan nila at nagbago ang kanilang pakikitungo sa mga PLHIV (people living with HIV). Ayon sa naratibo ng mga kalahok, hindi dapat husgahan at layun ang PLHIV. Bagkos ay dapat silang respetuin at tulungan.

"Huwag layuan ang mga taong may HIV/AIDS sapagkat ang mga paraan ng pagkalat ng sakit ay limitado lamang." -K6

"Hindi dapat nilalayuan ang mga taong mayroong HIV." -K10

Ang ABC ng HIV

Ang talahanayan sa susunod na pahina ay ang paglalagom ng mga dominanteng tema (at iba pang detalye o subthemes) ukol sa epekto ng pagkakaroon ng kaalman ng mga kalahok sa mga usaping may kinalaman sa sex, HIV, at iba pang uri ng STIs.

Mapapansin na pag-iingat ang pinakadominanteng tema at sumunod lamang dito ang pagpapaliban ng pakikipagtalik. Ang "ABC of HIV" ay isang istrategiya upang mapigilan ang pagkalat ng HIV at iba pang uri ng STIs. Ang ibig sabihin ng letrang A ay "abstain," ang B ay "be faithful / be monogamous," at ang C naman ay "consistent / correct condom use" (tingnan ang Population, Health and Nutrition Information Project, 2002, para sa detalye). Ang ABC approach ay itinuturing na isa sa mga dahilan sa pagbaba ng HIV, halimbawa, sa konteksto ng Uganda (Murphy et al., 2006). Sa pag aaral nina Osorio (2015, p. 6), iginiit nila na hindi umano dapat maging todo kampante na ligtas na nga ang isang indibidwal kung gagamit lamang ng condom.

Talahanayan 3: Paglalagom ng mga tema

Pangunahing tema	Detalye ng tema
Pag-iingat (63.41%)	Safer sex / gumamit ng condom Mag-ingat/ proteksyunan ang sarili Magtanong kung ang partner ay may HIV at iba pang STIs
Pagpapaliban ng pakikipagtalik (48.7%)	Huwag gawin ang pre-marital sex Makipagtalik sa tamang edad (matanda)
Kalidad ng ka/relasyon (24.4%)	Pumili ng matinong lalaki Lumagay sa seryosong relasyon Maging tapat sa karelasyon
HIV screening (9.74%)	Sumailalim sa HIV screening Huwag mahiyang magpa-checkup

*Higit isang sagot bawat kalahok (n=41)

Subalit para kina Lucea (2015, p. 229), ang ABC approach ay itinuturing nang limitado. Ang kaisipang ito ay sinasang-ayunan ng iba pang mga mananaliksik (Conley et al., 2015; Burman et al., 2015; Sinding, 2005; Cohen at Tate, 2006; Cohen, 2004).

Ayon kay Sinding (2005, p. 40) hindi palaging ang pagkakasunod-sunod ng ABC ang mekanismo upang mapuksa ang HIV dahil kailangang “isaalang-alang ang complexities ng mga relasyong sexual.” May mga pag-aaral na nagpapakita na “maraming babaeng Ugandan ang nag-abstain hanggang sa ikasal subalit humaharap sa mataas na risk sa HIV dahil sa hindi pagiging tapat ng asawa” (Cohen at Tate, 2006 p. 176). Ang mga dahilan kung bakit naging matagumpay ang Uganda sa pagsugpo sa HIV ay hindi lamang dahil sa abstinence kundi dahil sa pinagsama-samang mga istrategiya katulad ng paggamit ng condom, pulitikal na pamumuno, malawakang HIV screening, at iba pa (Cohen at Tate, 2006 p. 177). Nagawang pababain ng pamahalaan ang stigma sa HIV (Cohen, 2004, p. 133). Dagdag pa nila Cohen at Tate (2006 pp. 177-178):

“The government’s willingness to address HIV/AIDS openly and break taboos surrounding sexually transmitted diseases [infections] is widely acknowledged as the cornerstone of its early success against the epidemic.”

Ang ABC approach, sa madaling salita, ay hindi agad-agarang hierarchical o tila formula. Ito ay sa kadahilanang hindi dahil nag-abstain sa pakikipagtalik o monogamous na ay ligtas na nga sa HIV. Katulad rin na hindi nangangahulugang 100% ligtas na sa HIV dahil lamang sa paggamit ng condom (tingnan ang pagtatalakay ni Osorio et al., 2015, para sa detalye). Komplikado ang mga relasyong sexual dahil, ayon nga kina Lucea (2015, p. 229), “hindi lamang ito hinuhubog ng dalawang indibidwal kundi ng gender norms, societal at cultural norms, at iba pang panlabas na mga impluwensiya o puwersa.”

Pagiging komportable / bukas at pagbabahagi ng kaalaman sa iba

Ang pag-aaral ng HIV at iba pang uri ng STIs ay pag-aaral din ng sexual practices. Halimbawa, noong Pebrero taong 2015, sa 646 na kaso ng HIV na naitala ay 586 o 91% ay dahil sa hindi protektadong pakikipagtalik (Tan, 2015). Kapag pinag-aralan ang proseso ng pagkakaroon ng HIV, pinag-aralan din ang kadalasang risky sexual practices (e.g. unsafe sex, atbp.). Ang usapang HIV at sex sa makatuwid ay dalawang bagay na hindi mapaghihiwalay.

Tinanong at hiningan ng paliwanag ang mga kalahok kung komportable ba sila noong tinalakay sa klase ang sex at HIV.

Pinakamarami o 73% ang nagsasabing sila ay komportable. Sinundan ito ng 12% na nagsasabing komportable sila sa ibang bahagi lamang, 10% ang hindi, habang 5% ang hindi nagbigay ng sagot.




Figura 1: Pagiging komportable sa pag-aaral ng sex, STIs at HIV
n=41

Pagiging komportable

Apat ang lumalabas na batayan o pakabuluhan ng mga kalahok kung bakit sila komportable: 1) naipakilala ng mabuti ang paksa; 2) normal lamang ang ganitong usapin; 3) sila ay open-minded; at 4) ito ay kailangang pag-aralan. Naipakilala ng guro ng mahusay ang aralin kaya naging komportable ang ilan katulad nila Kalahok 21 at 30:

"Komportable naman ako sa lesson. Una pa lang ay ipinaalam na sa amin na maselan ang lesson na ito." -K21

"Komportable naman kami dahil inintroduce naman ng maayos." - K30

Para kay Kalahok 22, "normal na lang talagang talakayin ang mga bagay na ganito" sa edad namin." Walang inhibitions sa aralin sina Kalahok 3 at 5 dahil sila ay open-minded o may bukas na isipan:

"Dahil din siguro sa pagiging open minded ko at talagang nangyayari ito." -K3

"Bukas naman ang aking isipan sa mga bagay na may kinalaman sa mga sakit na may kinalaman sa pagtatalik." -K5

Komportable ang ilang kalahok dahil naniniwala sila na ang mga paksa ay mahalaga at kailangang pag-aralan. Maselan ang pinag-aaralan subalit ito ay makabuluhan:

"Komportable ako noong tinatalakay ang sex, STIs at HIV/AIDS. Dahil, una ito ay tinatalakay upang magkaroon ng kaalaman at hindi para sa kabastusan. Pangalawa ay mas pinapalawak nito ang iyong pag-unawa sa mga bagay na maseselan." -K1

Komportable sa ilang bahagi lamang, hindi komportable

Ang tanging dahilan kung bakit hindi komportable ang ilang mga kalahok sa "ilang bahagi" ng pag-aaral ng paksa ay dahil sa mga larawang nakita nila. Tumutukoy ito sa mga aktuwal na larawan ng mga uri ng STIs.

"Dahil hindi ako gaanong komportable sa mga litratong ipinakita patungkol sa mga sakit na puwedeng ma-acquire. Hindi kaaya-ayang tingnan ang mga litratong ipinakita ngunit komportable naman ako sa pag-aaral ng sex at HIV." -K13

Ang dahilan naman kung bakit "lubos" na hindi komportable ang ilang mga kalahok ay dahil din sa relihiyon at oriyentasyon ng pamilya. Ayon kay Kalahok 10: "dahil nangagaling ako sa katolikong paaralan at konserbatibong pamilya kaya hindi ako komportable noong tinalakay ang mga ito."

Pagiging mas bukas sa mga usapin

Ang pagtatalakay ng sex, HIV, at iba pang uri ng STIs sa klase ay nagdulot upang mas maging bukas sa mga usapin ang mga kalahok maliban sa dalawa.

"Hindi, kasi ang ibang iniisip ng mga tao sa paligid kapag pinag-uusapan ang sex ay manyakis o malibog or whatever, napakajudgemental nila eh." -K35

"Hindi. Ayaw ko pa ring pag-usapan ang mga ito ngunit alam ko na mahalaga ang mga impormasyong natutunan ko dito." -K10

Ang negatibo o mapanghusgang pag-iisip ng iba ang dahilan kung bakit hindi naging mas bukas sa mga paksa ang isang kalahok. Habang personal na ayaw pa rin itong pag-usapan ni Kalahok 10 subalit kinikilala niya ang halaga ng mga natutunan niya dito.

95% ang nagsasabing mas naging bukas sila sa mag usaping may kinalaman sa sex at HIV. Sa mas malapitang pagsususri, maliwanag na may malalim na batayan ang pagiging mas bukas nila sa mga usapin: 1) hindi dapat ikahiya at gawing katatawanan; 2) hindi kabastusan; at 3) hindi dapat pandirihan upang malaman ang epekto ng HIV at mapigilan.

Lumalabas na ang mga kalahok ay may dating imahe na ang maseselang bagay ay kadalasang nakakahiyang pag-usapan o 'di kaya ay ginagawang katatawanan. Mas naging bukas sina Kalahok 2 at 32 dahil naniniwala silang hindi ito dapat ikahiya:

"Oo dahil wala namang dapat ikahiya tungkol dito." -K2

"Oo, dahil hindi naman dapat ikahiya yun, na isang normal na bagay ang sex, kaya dapat mag-ingat para hindi mahawaan." -K32

Dagdag pa ni Kalahok 19 na "dapat itong pag-usapan at hindi dapat gawing katatawanan." Maraming mga kalahok ang naniniwalang hindi ito kabastusang pag-usapan at hindi dapat pandirihan upang mapigilan at malaman ang epekto ng HIV:

"Yes, naging open minded ako sa mga ganyang bagay na hindi pandirihan kundi ginagawang prevention." -K26

"Oo. Dati kahit may experience [sex] na, conservative pa rin. Pero after the class naging open-minded na ako. Hindi naman siya kabastusan, isa siyang way para malaman ang epekto ng HIV." -K12

"Yes. Kasi when we talk about sex hindi naman dahil kabastusan o kalaswaan but to have knowledge about it and to know yung masasamang epekto if not safe." -K28

"Oo, kasi hindi naman ito bastos na usapin. Ito ay isang usaping napapanahon." -K11

Lumalabas na komportable at bukas mag-isip ang mga kalahok pagdating sa usaping sex at HIV. Ang kaisipang ito ay katulad din ng natagpuan ng Young Adult Fertility Survey o YAFS4 (DRDF at UPPI, 2014). Ayon sa survey na nabanggit, ang liberal na pag-iisip ng mga kabataan ay maaaring dala ng mas madalas na paggamit ng new media (e.g. cell phone, internet, social media). Subalit ang mas malawak na impormasyon ng mga kabataan ay hindi nangangahulugan na mataas na rin ang kanilang kamalayan tungkol sa ligtas na pakikipagtalik.

Sa konteksto ng pag-aaral na ito at ayon sa narratives ng mga kalahok, ang pag-aaral tungkol sa sex at HIV ay nagbunga ng pagiging mas bukas sa mga nabanggit na usapin. Maliwanag ang mensahe ng mga kalahok na ang pagiging bukas ay upang mapigilan ang pagkalat ng HIV. Positibo, sa makatuwid, ang epekto ng pag-aaral o pormal na pagtatalakay ng mga paksa sa mga mag-aaral sa kolehiyo. Noong tanungin ang mga kalahok kung paano nila nakikita ang halaga ng pag-aaral ng HIV sa kolehiyo, ang temang "prevention" ay lumutang.

Prevention para sa mapupusok na mga kabataan

Ipinapalagay ng lahat ng mga kalahok na mahalaga ang pag-aaral ng sex, HIV, at iba pang uri ng STIs. Wala ni isa man ang sumagot na hindi ito mahalaga. Sa 41 na mga kalahok, 24 ang nagbigay ng matinkad na paglalaarawan ng halaga ng pag-aaral: (1) upang mapigilan ang pagkakaroon ng HIV at (2) sapagkat mapupusok ang mga kabataan. Heightened ang awareness sa prevention ng mga mag-aaral sa kolehiyo na nakaranas ng pag-aaral ng mga paksa.

"Sadyang mahalaga para maiwasan ito at hindi na muna ma-involved sa pakikipagtalik." -K39

"Mahalagang-mahalaga po ito dahil mas magiging ka sa mga pangyayaring katulad nito na maaaring iwasan." -K38

Ayon kay Kalahok 40, mahalaga ang pag-aaral ng mga paksa "para sa mga taong madalas makipag-sex." Kinikilala ni Kalahok 28 na mahalaga ito "lalo na sa generation ngayon na pabata ng pabata ang mga nageengage sa sex."

Ang dominanteng paliwanag kung bakit mahalaga ang pag-aaral ay dahil sa mapupusok o madaling matukso, liberated, at padalos-dalos ang mga kabataan sa kasalukuyan. Narito ang ilang verbatim na paglalarawan ng mga kalahok.

"Mahalaga, lalo na sa panahon ngayon na masyadong mapusok ang mga kabataan." -K11

"Mahalaga ito dahil sa panahon ngayon, ang mga kabataan na katulad namin ay madaling matukso, dahil na rin siguro sa curiosity." -K29

"Ito'y sobrang halaga lalo na sa generation ngayon na sobrang liberated na kung kani-kanino nakikipagtalik na hindi alam ang consequences." -K26

"Mahalagang pag-aralan ito upang tayo ay may kaalaman sa karanasan na ito. Lalo na marami sa mga kabataan ngayon ay padalos-dalos." -K16

"Oo dahil sa panahon ngayon, maski bata ay alam na ang sex. Lalo na sa mga nasa kolehiyo na kadalasan ay may nagaganap na hindi kanais-nais. Mahalaga na matutunan nila ang mga ito upang maiwasan ang mataas na bilang na kaso ng HIV." -K40

"Not endorsing it but for your own safety. Alam naman natin na this generation has a big count of pre-marital sex. Matitigas ang ulo." - K12

"Oo, dahil sa panahon ngayon, sex ang viral. Para naman po malaman nila yung do's and don'ts during sex. Para din po malaman nila yung effects nito at kung paano ito maiiwasan." -K8

"Oo dahil sa panahon ngayon, mas sa kolehiyo ang maraming nakakaranas nito kaya dapat silang maging pamilyar sa usaping ito." -K2

Pagbabahagi ng kaalaman sa iba

Marami sa mga kalahok (64%) ang nagagawang maibahagi sa iba ang kaalaman nila ukol sa HIV at iba pang uri ng STIs. Ibinabahagi ni Kalahok 25 ang kaalaman upang maging "aware" ang iba sa "sakit." Ito ay sinasang-ayunan ni Kalahok 11. Ayon sa kaniya: "oo, dahil ito talaga ang layunin ng pag-aaral. Kung may time ay ibinabahagi ko talaga."

Kanino nga ba nila ibinabahagi ang kanilang kaalaman? Para kay Kalahok 29: "oo, sa mga kakilala ko na nakaexperience nang makipagtalik o sex." Siya ay hindi partikular kung anong uri ng ugnayan ang mayroon siya sa kaniyang binabahagian ng kaalaman. Ang maliwanag lamang ay ibinabahagi niya ito sa kaniyang mga "kakilalang may karanasan na sa pakikipagtalik." Para naman sa ilan, karaniwang binabahagian ang kaalaman sa pamilya at kaibigan.

"Oo, sa aking pamilya." -K14

"Oo, particularly sa aking pamilya at mga kaibigan." -K6

"Opo, sa aking mga kaibigan para mabigyan din sila ng idea sa mga sakit na ito para maiwasan din nila." -K41

Sa karanasan ni Kalahok 12, ang impormasyon o kaalaman niya ukol sa HIV at iba pang uri ng STIs ay ibinahagi niya sa kaniyang dating boyfriend:

"Sa boyfriend ko (break na kami). So sa ex/past ko pala. Unang dahilan dahil siya yung kauna-unahang naka-sex ko. So I checked kung ako din ang first niya. Then nagsabi ako na gumamit ng condoms, ayoko na ng withdrawal kasi may possibility pa eh."

Mahalaga na maipasa ang kaalaman upang mas maging epektibo ang pagsugpo sa HIV. Kadalasang mas epektibo kung kaibigan ang nagbabahagi ng mga tamang kaalaman ukol sa HIV dahil mas bukas o hindi gaanong nahihiya ang

mga magkakaibigan sa isa't isa. Natagpuan halimbawa sa pag-aaral nila Morisky (2005, p.64): "intervention was found to be relatively effective for taxi and tricycle drivers with respect to change in knowledge, attitudes, and condom use." Ipinapalagay ng kanilang pag-aaral na ang "peer-led program" ay kapakipakinabang sa mga taxi at tricycle drivers dahil sa elemento ng tiwala o trust.

Subalit hindi lahat ay nagagawang ibahagi sa iba ang kanilang kaalaman (12% ng mga kalahok). Para kay Kalahok 10, hindi niya naibabahagi dahil hindi niya alam kung "paano sisimulan ang ganitong usapan." Para kay Kalahok 2, makitid ang utak ng mga tao kaya hindi niya ito naibabahagi. Ayon sa kaniya:

"Sa panahong ito ay hindi. Dahil alam natin kung gaano kakitid ang utak ng mga tao tungkol sa usaping ito." -K2

Samantalang 24% naman ang nagsasabing "hindi pa" nila naibabahagi sa iba ang kaalaman subalit nais nilang gawin ito kung may pagkakataon. Narito ang ilan sa kanilang mga paliwanag:

"Hindi pa sa ngayon dahil wala pa naman akong nae-encounter na kaibigan kong bahagian ng aking kaalaman." -K40

"Hindi, pero hindi ko iyon ipagdadamot. Wala pa namang nagtatanong or wrong things/info." -K32

"Hindi pa ako nabibigyan ng pagkakataon ngunit handa akong ibahagi ito sa aking mga kaibigan at pamilya kung may pagkakataon." -K30

KONKLUSYON

Ipinapalagay ko, suspendido ang hierarchical at moral na pamantayan (e.g. abstinence muna bago ang condom) at kinikilala ang debate sa ABC approach at complexities ng relasyong sexual sa ilalim ng diskurso ng HIV, na positibo ang epekto ng exposure ng mga piling mag-aaral sa kolehiyo sa usaping sex at HIV

Sa mas malapitang pagsusuri, malalim ang pagbibigay ng pakahulugan ng mga kalahok sa epekto ng pag-aaral sa kanilang pananaw at mga desisyon sa pakikipagtalik. Ang pag-iingat ay naka-angkla hindi lamang sa paggamit ng condom kundi maging sa konsepto ng paghahanda at pagiging bukas hanggang sa pagtatanong kung ang kanila bang partner ay may HIV o iba pang uri ng STIs. Ang direktang pagtatanong sa partner ay maaaring ituring na indikasyon ng pagbabago ng diskurso o pagiging mas bukas sa mga usaping sex at HIV.

Sa isang bansa kung saan hamon ang hindi ligtas na pakikipagtalik at pabata ng pabatang sexual initiation, mababanaag ang agency ng mga kalahok. Matapos ang talakayan ukol sa sex at HIV, mas tumingkad pa sa kanila ang ligtas na pakikipagtalik at/o pagpapaliban nito. Lumutang ang matibay na pagpapahalaga

ng mga kalahok sa pagiging birhen at pagiging sagrado ng pakikipagtalik sa ilalim ng kasal. Subalit ang kaisipang ito ay nananatiling mas prominente sa bahagi ng mga kababaihan lamang. Ang agency ng mga kalahok ay matatagpuan rin sa ideal na uri ng ka/relasyon. Lumalabas na hangarin ng ilan na lumagay sa tapat at seryosong relasyon at inaasahan na makahanap ng “matinong” lalaki. Lumulutang ang rigid gender lines kapag pinag-uusapan ang HIV. Maliwanag sa ilang mga kababaihan na risky ang kanilang kalagayan, kung gayon ay kailangan ng pag-iingat, dahil sa tradisyunal na pagtingin sa mga kalalakihan bilang manloloko/hindi tapat.

Bukod sa pampersonal na desisyon katulad ng pagsailalim sa HIV screening, ang pag-unawa sa iba at pagbabahagi ng kaalaman ang ilan sa mga indikasyon na positibo ang bunga ng exposure ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa usaping sex at HIV. Kung tutuusin, ayon sa pananaw ng limitadong mga kalahok, komportable na ang mga mag-aaral sa kolehiyo sa mga ganitong paksa. Lumalabas na kritikal ang gampanin ng guro sa pagpapakilala ng halaga ng maselang talakayan. Mataas ang bahagdan o bilang ng mga kalahok ang nagagawang maibahagi sa pamilya, kaibigan, at mga kakilala ang kanilang natutunan. Subalit hindi maitatangi na hadlang pa rin ang relihiyon at konserbatibong mga paniniwala sa ganitong uri ng usapan. Balakid, halimbawa, ang sarado at makitid na pag-iisip ng iba kung bakit hindi nagagawang maibahagi ng ilan ang kanilang kaalaman.

Malalim rin ang pagpapakahulugan ng mga kalahok kung bakit sila bukas o mas naging bukas pa sa ganitong mga usapin. Karaniwang ginagawang katatawanan ang mga usapin. Ngunit ayon nga sa mga kalahok, hindi dapat ito gawing katatawanan o ikahiya at ituring na bastos. Bukas ang mga kalahok sa usapin kasama ang pagkilala na kailangang ma-prevent ang HIV dahil sa naniniwala sila na ang mga kabataan sa kasalukuyan ay mapupusok o madaling matukso, liberated, at padalos-dalos. Ganon pa man, ang konsepto ng pagiging liberated ay komplikado at maaaring tingnang positibo o negatibo depende sa pananaw ng kalahok.

Ipinapalagay ko na mahalagang malapitang masuri at maunawaan ang pananaw at pagbibigay-kabuluhan ng mga kabataan ukol sa sex at HIV. Katulad nga ng panlipunang kalagayan noon sa Uganda kung saan nabawasan ang stigma dahil sa bukas na tinalakay ang HIV at sexual practices, mahalaga na mapag-usapan rin ang sex at HIV sa ating mga paaralan at lipunan. Ano man ang mekanismo sa pagsugpo, mahalagang ma-empower o makalikha ng partikular na agency/kakayahan sa mga mamamayan na nang sa gayon sila ay makapamilya at makapagdesisyon. Sa pagkamit ng ano mang kritikal na panlipunang mga layunin, ang katagumpayan ng laban sa HIV ay nagsisimula sa bukas at malayang usapan.

BATIS NG KAALAMAN

- Burman, C., Aphane, M., & Delobelle, P. (2015). Reducing the overall HIV-burden in South Africa: is 'reviving ABC' an appropriate fit for a complex, adaptive epidemiological HIV landscape?, *African Journal of AIDS Research*, 14:1, 13-28, DOI: 10.2989/16085906.2015.1016988
- Carley, K. (1993). Coding Choices for Textual Analysis: A Comparison of Content Analysis and Map Analysis. *Sociological Methodology*, 23, 75-126. doi:1. Retrieved from <http://0-www.jstor.org.lib1000.dlsu.edu.ph/stable/271007> doi:1
- Cohen, J., & Tate, T. (2006). The Less They Know, the Better: Abstinence-Only HIV/AIDS Programs in Uganda. *Reproductive Health Matters*, 14(28), 174-178. Retrieved from <http://0-www.jstor.org.lib1000.dlsu.edu.ph/stable/25475267>
- Cohen, S. (2004). Beyond Slogans: Lessons from Uganda's Experience with ABC and HIV/AIDS. *Reproductive Health Matters*, 12(23), 132-135. Retrieved from <http://0-www.jstor.org.lib1000.dlsu.edu.ph/stable/3775982>
- Conley, T. D., Matsick, J. L., Moors, A. C., Ziegler, A., & Rubin, J. D. (2015). Review: Re-examining the effectiveness of monogamy as an STI-preventive strategy. *Preventive Medicine*, 7823-28. doi:10.1016/j.yjmed.2015.06.006
- Crisostomo, S. (2011). Phl among 7 countries with increasing HIV cases. Retrieved from <http://www.philstar.com/headlines/728036/phl-among-7-countries-increasing-hiv-cases>.
- de Castro, L. D. (2015). Disease-Related Stigma and Discrimination: Worse than Disease Itself?. *Asian Bioethics Review*, 7(1), 1-4.
- Demographic Research and Development Foundation (DRDF) and University of the Philippines Population Institute (UPPI). (2014). 2013 YAFS4 Key Findings. Quezon City: DRDF and UPPI. Retrieved from https://www.drdf.org.ph/yafs4/key_findings
- Fisher, C. (2014). HIV Prevention Research Ethics: An Introduction to the Special Issue. *Journal of Empirical Research on Human Research Ethics*,; vol. 9, 1: pp. 1-5.
- Frey, L. et al. (1999) *Investigating communication: An introduction to research methods*. (2nd ed.) Boston: Allyn & Bacon.
- Gamson, J. (2000) Sexualites, Queer Theory, and Qualitative Research in Denzin and Lincoln (eds.) *Handbook of Qualitative Research*. Second edition. Sage Publication, pp. 347-365.
- Geronimo, J. (2015). HIV in 6 PH cities may reach 'uncontrollable' rates – DOH. Retrieved from <http://www.rappler.com/nation/89412-hiv-6-philippine-cities-uncontrollable-rates>.

- HIV/AIDS and ART Registry of the Philippines. (2015). Retrieved from http://www.doh.gov.ph/sites/default/files/statistics/EB_HIV_Sept-AIDSreg2015.pdf.
- Kenyon, C. R., Tsoumanis, A., & Schwartz, I. S. (2015). HIV Prevalence Correlates with High-Risk Sexual Behavior in Ethiopia's Regions. *Plos ONE*, 10(10), 1. doi:10.1371/journal.pone.0140835
- Lucea, M. B., Hindin, M. J., Gultiano, S., Kub, J., & Rose, L. (2013). The Context of Condom Use among Young Adults in the Philippines: Implications for HIV Prevention. *Health Care For Women International*, 34(3/4), 227-248. doi:10.1080/07399332.2012.721414
- Liu, H., Su, Y., Zhu, L., Xing, J., Wu, J., & Wang, N. (2014). Effectiveness of ART and Condom Use for Prevention of Sexual HIV Transmission in Serodiscordant Couples: A Systematic Review and Meta-Analysis. *Plos ONE*, 9(11), 1-7. doi:10.1371/journal.pone.0111175
- McKay, A. (2007). The effectiveness of latex condoms for prevention of STI/HIV. *Canadian Journal Of Human Sexuality*, 16(1/2), 57-61.
- Morisky, D. et al. (2005). HIV/AIDS Prevention Among the Male Population: Results of a Peer Education Program for Taxicab and Tricycle Drivers in the Philippines *Health Education & Behavior*; vol. 32, 1: pp. 57-68.
- Murphy, E.M., Greene, M., Mihailovi, A., Olupot-Olupot, P. (2006). Was the "ABC" Approach (Abstinence, Being Faithful, Using Condoms) Responsible for Uganda's Decline in HIV? *PLoS Med* 3(9): e379. doi:10.1371/journal.pmed.0030379
- Mvundura, M., Nundy, N., Kilbourne-Brook, M., & Coffey, P. S. (2015). Estimating the hypothetical dual health impact and cost-effectiveness of the Woman's Condom in selected sub-Saharan African countries. *International Journal Of Women's Health*, 271. doi:10.2147/IJWH.S75040
- Ogena, Nimfa and Marquez, Maria. (2014). #RegionIV-AYouthToday: Risk Behavior of Young People in CALABARZON. Paper presented in the YAFS4 Regional Dissemination at the Provincial Capitol Ceremonial Hall, Trece Martires City, Cavite on 11 August 2014. Retrieved from <https://www.Fisher.org.ph/sites/default/files/y4presentations/POPCOM%20Region%20I-V-A%20Aug%2011%20Summary.pdf>
- Osorio, A., Lopez-del Burgo, C., Ruiz-Canela, M., Carlos, S., & de Irala, J. (2015). Safe-sex belief and sexual risk behaviours among adolescents from three developing countries: a cross-sectional study. *BMJ Open*, 5(4), 1. doi:10.1136/bmjopen-2015-007826
- Population, Health and Nutrition Information Project. (2002). *The 'ABCs' of HIV prevention: Report of a USAID technical meeting on behavior change approaches to primary prevention of HIV/AIDS*. Washington, DC: USAID.
- Reniers, G., & Tfaily, R. (2012). Polygyny, partnership concurrency, and HIV transmission in sub-Saharan Africa. *Demography*, (3), 1075.
- Saldaña, J. (2009) *The Coding Manual for Qualitative Researchers*. Thousand Oaks: Sage Publications.
-

- Sinding, S. (2005). Does 'CNN' (Condoms, Needles and Negotiation) Work Better than 'ABC' (Abstinence, Being Faithful and Condom Use) in Attacking the AIDS Epidemic? *International Family Planning Perspectives*, 31(1), 38-40. Retrieved from <http://0-www.jstor.org.lib1000.dlsu.edu.ph/stable/3649501>
- Smith, G., Kippax, S., Aggleton, P. & Tyrer, P. (2003) HIV/AIDS School-based Education in Selected Asia-Pacific Countries, *Sex Education*, 3:1, 3-21, DOI:10.1080/1468181032000052126
- Tan, L. (2015). DOH records highest number of HIV cases since 1984. Retrieved from <http://cnnphilippines.com/news/2015/05/11/DOH-HIV-cases-at-its-highest-yet.html>.
- Winer RL, Hughes JP, Feng QH, et al. (2006) Condom use and the risk of genital human papillomavirus infection in young women. *The New England Journal of Medicine*; 354:2645–54.